

# Revenue-Based Financing Fund ng Washington

Suportado ng Washington State Department of Commerce at ng US Department of Treasury sa pamamagitan ng Washington Inisyatiba ng Kredito sa Maliit na Negosyo ng Estado (SSBCI)



Washington State  
Department of  
**Commerce**

## Matalinong pagpopondo para sa iyong lumalagong negosyo.

Kung isa kang negosyo na naghahangad na umunlad sa sarili mong bilis, ang Revenue-Based Financing Fund ay maaaring ang angkop para sa iyo. Ang aming pagpopondo na nakabatay sa kita ay isang alternatibo sa tradisyonal na loan sa bangko, na may mga pagbabayad na naka-customize sa iyong mga partikular na pangangailangan at iniaayon sa kita ng iyong negosyo.

### Ano ang benepisyo ng pagpopondo na nakabatay sa kita?

Ang mga tradisyonal na paraan ng pagpopondo na nakabatay sa kita ay binabayaran mula sa kabuuang kita ng isang negosyo. Ang pagpopondo na sinusupportahan ng Revenue-Based Financing Fund ay iba dahil ang pagbabayad ay nakabatay sa porsiyento ng kita ng negosyo pagkatapos ng mga pagsasaayos para sa mga pamumuhunan at mga ordinaryong gastos na kailangan ng negosyo upang lumago – tulad ng mga pamumuhunan sa mga bagong produkto o kagamitan, halaga ng mga bilihin, pasuweldo, renta, buwis, at iba pang pinapayagang gastos.

### Piliin ang opsiyon sa pagpopondo na pinakaangkop sa iyong mga pangangailangan.

#### Ang Denkyem Loan

##### Ang mga negosyo ay dapat na:

- Matatagpuan at nakarehistro na magsagawa ng negosyo sa estado ng Washington
- Pagbuo ng kita
- Nasa negosyo nang hindi bababa sa 12 buwan, mas mainam kung 2 taon
- Isang entidad na para sa kita
- 500 empleyado o mas kaunti

##### Mga termino:

- 3 taong termino
- Loan ng kapital sa paggawa sa pagitan ng \$10,000 - \$50,000
- Ang multiple ng product na ito ay 1.10x (6.29% APR\*)
- Ang mga pagbabayad ay nakatakda sa 5% ng isinaayos na buwanang kita ng negosyo, na may minimum na buwanang pagbabayad na \$100



#### Ajust from Grow America

##### Ang mga negosyo ay dapat na:

- Matatagpuan at nakarehistro na magsagawa ng negosyo sa estado ng Washington
- Kayang magpakita ng kakayahang magbayad ng loan
- Nasa negosyo nang hindi bababa sa 3 taon
- Isang entidad na para sa kita
- 500 empleyado o mas kaunti

##### Mga termino:

- 3 taong termino
- Loan ng kapital sa paggawa sa pagitan ng \$50,001 - \$500,000 (may mga eksepsiyon na hanggang sa \$1M)
- Ang multiple ng product na ito ay 1.24x (14.27% APR\*)
- Ang mga pagbabayad ay batay sa 20% ng isinaayos na buwanang kita ng negosyo, na may minimum na buwanang pagbabayad na \$1,000



\*Ang APR ay ang tinantyang halaga ng iyong pagpopondo na ipinahayag bilang isang taunang rate at isinasama ang mga gastos sa interes at anumang iba pang mga singil sa pananalapi na pinapayagan sa ilalim ng mga alituntunin sa proteksiyon sa customer ng SSBCI.

# Ang isang loan na nakabatay sa kita ay gumagana nang ganito.

Mula nang magbukas ilang taon na ang nakararaan, dumami ang customer at kita ng flower shop ni Rebecca. Mayroon syang pagkakataong palaguin pa ang kanyang negosyo sa pamamagitan ng pagdaragdag ng imbentaryo at kawani. Nais ni Rebecca na mag-loan, ngunit ang isang nakapirming istraktura ng pagbabayad ay maaaring maging mahirap para sa mga negosyo sa panahon ng paglago at pag-ramp-up na mga yugto.


Ang loan na nakabatay sa kita ang maaaring angkop para kay Rebecca. Kakailanganin ng isang karaniwang RBF na loan kay Rebecca na bayaran ang isang bahagi ng kanyang kabuuang kita at limitahan ang kanyang kakayahang mamuhunan sa negosyo.

Ang pagpopondo mula sa RBF Fund ng Washington ay umaangkop sa paglaki ng kanyang kita at nagbibigay-daan sa kanya na mamuhunan nang malaki sa kanyang negosyo, at nagagawa niyang doblehin ang kanyang imbentaryo at kumuha ng assistant. Gamit ang mga naiaangkop na pagbabayad batay sa na-adjust na kita, maaari rin siyang mamuhunan sa marketing para maabot ang mas malawak na audience.


## Ang kapital sa paggawa ay maaaring gastusin sa:

- Kagamitan
- Pasuweldo
- Renta and mga uilidad
- Mga renobasyon
- Mga suplay
- Imbentaryo
- Marketing at pag-aanunsiyo
- At higit pa

## Termino ng Loan



## Pondo ng Washington RBF



## Gagabayan ka ng aming mga eksperto sa pananalapi na may kaalaman.

Hindi sila gaya ng mga tradisyonal na bangko. Sila ay mga pinansiyal na institusyon sa pagpapaunlad ng komunidad, o mga CDFI, na may mga taon ng karanasan sa pagtatrabaho sa maliliit na negosyo. Ang kanilang patnubay sa pananalapi ay sumusuporta, transparent at tapat, at makikipagtulungan sila sa iyo sa pinakamahasag na paraan.

Hanapin ang tamang opsiyon sa pagpopondo para sa iyo.



Bisitahin ang [growamerica.org/rbf](https://growamerica.org/rbf) at magsimula ngayon.

Ang Washington Revenue-Based Financing Fund ay suportado ng Washington State Department of Commerce at ng US Department of Treasury sa pamamagitan ng Washington Inisyatiba ng Kredito sa Maliit na Negosyo ng Estado (SSBCI). Maaari mong bisitahin ang [website ng ahensiya](https://www.growamerica.org/rbf) para malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa kung paano nagbibigay ang SSBCI ng karagdagang kapital sa Community Development Financial Institutions (CDFIs) at mga nakikibahaging nagpapahiram para sa mga maliliit na negosyo at nonprofit sa buong Washington, partikular na sa mga komunidad na dati nang hindi sapat na napaglilingkuran at walang sapat na dami ng bangko.

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. SSBCI-21031-0048 na iginawad ng US Department of Treasury, ATTN: Inisyatiba ng Kredito sa Maliit na Negosyo ng Estado. Ang mga pananaw sa dokumentong ito ay sa mga may-akda at hindi kinakailangang kumatawan sa opisyal na posisyon o mga patakaran ng US Department of Treasury, ATTN: Inisyatiba ng Kredito sa Maliit na Negosyo ng Estado. Ang mga pondo ng grant ay pinangangasiwaan ng Washington State Department of Commerce.